**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
***News and Information Bureau***

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO USEC. ROCKY IGNACIO**
**MAY 21, 2022 (11:00 A.M. – 11:57 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas. Inaasahang pagbigat ng trapiko sa Metro Manila sa susunod na buwan at paghahanda ng MMDA sa pagpasok ng panahon ng tag-ulan, COVID-19 response at ang nakaambang toll hike sa CAVITEX ang mga usaping ating hihimayin sa loob ng isang oras ngayong araw ng Sabado.

Ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Wala pang nadi-detect na kaso ng monkeypox sa Pilipinas. Sa inilabas na public health advisory ng Department of Health, na-detect lang ang monkeypox sa ilang European countries, Estados Unidos, Canada at United Kingdom.

Ang monkeypox ay isang viral disease na mula sa hayop at madalas makita sa tropical rain forest areas ng Central at West Africa. Kabilang sa mga sintomas nito ay ang lagnat, pamamantal at swollen lymph node na maaaring mauwi sa iba pang medical complications. Maaari itong mapasa sa tao sa pamamagitan ng close contact sa isang infected na tao o hayop o contaminated materials.

Payo ng Department of Health, mapipigilan ang hawaan ng monkeypox sa pamamagitan ng pagsunod sa minimum public health standards kagaya ng pagsusuot ng facemasks, paghuhugas ng kamay at physical distancing.

Samantala, kasabay ng groundbreaking ceremony ng four-storey building ng Valenzuela Medical Center, personal ding nagsagawa ng monitoring visit sa Malasakit Center sa nasabing ospital si Senator Christopher Bong Go. Narito ang report:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Nakitaan ng pagtaas ng COVID -19 cases sa Metro Manila. Para po pag-usapan iyan, kumustahin po natin ang bakunahan sa bansa, makakausap po natin si Dr. Ted Herbosa, ang medical adviser ng National Task Force Against COVID-19. Magandang umaga po, Doc Ted.

**DR. TED HERBOSA:** Magandang umaga, Usec. Rocky. At magandang umaga sa mga nagsusubaybay sa Laging Handa briefing.

**USEC. IGNACIO:** Doc Ted, base po sa OCTA Research ay tumaas po ng 90% ang COVID-19 cases sa Metro Manila. So ano kaya ang naging factor sa nakitang bahagyang pagtaas na ito?

**DR. TED HERBOSA:** Well, maraming araw na na may slight increase ang ating cases, ng new cases dito sa Metro Manila at ibang parte ng Pilipinas. Pero hindi pa naman ito sapat para maalarma tayo 'no. So normally, hahanapin lang natin kung saan nanggagaling iyong mga cases na iyon at make sure na ma-isolate sila at ma-contain para hindi na lumaki iyong ating [unclear].

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito na lang pong update rin dito sa pamamahagi ng booster dose para sa senior citizen at sa healthcare workers. So far, ilang senior citizen na po at healthcare workers iyong nakapagpa-second booster na po?

**DR. TED HERBOSA:** Yes, iyan ang good news, ano. Nai-release na ng ating Department of Health iyong promulgation na puwede nang magbigay sa A1 at A2, iyong healthcare workers at iyong senior citizens, maliban doon sa naunang immunocompromised persons.

Usec. Rocky, wala pa sa akin iyong final data pero nakita ko iyong mga litrato ng mga report ng mga iba't ibang LGUs na nag-umpisa na mag-implementa nitong second booster shot para sa ating mga senior citizens. Ayan, pinapakita ninyo yata iyong iba. At I'm sure tuluy-tuloy iyan. Ang senior citizens natin is almost 12 million sa buong Pilipinas.

So hopefully, kapag na-implement natin iyan nang kagaya ng dating pag-implementa, matatapos natin iyan sa isang buwan … sa loob ng ilang linggo at mabigyan na ng second booster shot at protection iyong ating mga senior citizens at iyong ating mga healthcare workers – around nine or ten million yata iyong healthcare workers.

So mayroon tayong ample supply; importante lang ay magpa-second booster na iyong ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ted, ilang linggo na lamang po at magtatapos na po ang Duterte administration, pero ano po iyong strategies na ginagawa para daw po ma-reach iyong target na 77 million individuals by the end of June?

**DR. TED HERBOSA:** Well, tuluy-tuloy 'no. Itong second booster shot natin, malaking bagay ito para magamit iyong ating stock supply ng mga bakuna 'no. almost 90 million pa yata ang available 'no. And we're making sure na iyong ating programa, the whole program of the IATF, NTF at iyong sa ating disease surveillance, sa ating implementation ng isolation, detection, integration ay ipapasa natin sa susunod na administration. At magagamit talaga nila ito sapagkat very effective, in fact, pinuri tayo ng ibang bansa dahil sa epektibong sistema na naipagawa natin sa ating mga LGUs at mga ibang ahensiya ng pamahalaan.

So magbibigay tayo ng magandang operational plan at iyong ating National Action Plan Phase 5, iyong economic recovery, doon na nakatutok. So hopefully, iyong susunod na administrasyon ay papalawakin pa ang ating economic recovery after the pandemic.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Isunod ko na lang po iyong tanong ni Jenna Balaoro ng GMA News: May pag-aaral na ba po sa Pilipinas sa mga nagkaroon ng mild COVID kung nagkaroon sila ng long COVID? Kung mayroon, ano raw po usually iyong nararanasan nila?

**DR. TED HERBOSA:** Mayroon na po 'no. Nag-uumpisa nang i-identify iyan dahil na-identify ito sa ibang bansa ng WHO, ng United Kingdom, ng US. Nag-uumpisa nang nakakakita ang ating mga doktor sa ospital ng mga cases niyan. Usually, epekto ito sa heart, iyong inflammation ng heart. So humihina ang puso. Mayroon din iyong sa brain, mayroon tayong brain fog. So ito iyong parang hindi agad nakakaalala pagkatapos ng episode of an acute COVID infection. So binabantayan natin ito at itatala natin ito. Irirehistro rin natin ito, bibilangin at aaralin para malaman natin iyong sitwasyon ng long COVID sa Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero kumusta na po, Doc Ted, itong isinasagawang special vaccination dito po sa ilang areas?

**DR. TED HERBOSA:** Maganda ano, samakatuwid, sa Bangsamoro Autonomous Region [ay] naghahabol tayo kasi nga pinoprotektahan natin sila dahil below 50% iyong kanilang vaccination rate.

So, maganda ang nangyari. Nakikita ko iyong mga reports na pumapasok na nagagawa talaga iyong tinatawag na barangay-by-barangay na vaccination teams.

So, ang ginawa diyan, mayroong sinet na mga teams tapos pinupuntahan ang isang barangay para mabakunahan iyong mga mamamayan doon. So, dinala talaga iyong bakuna to the people, and at the following days ay sa ibang barangay naman.

So, naka-schedule ito para talagang makadami. Dahil kulang sila ng vaccinator ay inikot natin iyong mga vaccinator diyan at para magkaroon nang tuluy-tuloy na pagbabakuna sa hindi pa nababakunahan diyan sa BARMM.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ted, inaprubahan na daw po ba iyong pagbibigay ng second booster dose dito po sa mga OFW at uniformed personnel?

**DR. TED HERBOSA:** Hindi pa yata. A1, A2 at saka A3 pa lang ang ating na-approve. At ni-request natin iyan. In fact, recommended ko rin na mabigyan na rin iyang mga leaving for abroad kasi hinihingi nila iyang request na boosted sila or updated ang vaccine status nila para mapuntahan nila iyong kanilang place of work. Lalo na iyong mga seaman, iyong mga sa barko, iyan din ang mga nagri-request sa amin sa National Task Force.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Isinusulong din, Doc Ted, ng gobyerno na gawing 90% ang vaccination rate dito po sa mga estudyante para sa face-to-face classes. Ano daw po ang masasabi ninyo dito?

**DR. TED HERBOSA:** Oo. Mas maganda siyempre kung vaccinated ang ating mga estudyante kapag nag-hold na sila ng face-to-face this coming school year. Talagang importante iyan, kasi nakita natin sa ibang bansa na diyan sila nagkaroon ng outbreak noong nag-open sila ng face-to-face iyong kanilang mga kolehiyo at mga paaralan ay nagkaroon ng mga mini outbreaks and they have to close down again and do go online schooling.

So, very important iyang recommendation na iyan, sana talagang mataas ang uptake. Among the age groups, mataas ang uptake ng ating younger population. Sila nga ang gusto talagang magpabakuna sapagkat sila iyong gustong makaikot at makagala sa ating mga paligid.

So, very important na maibigay din iyong kanilang mga vaccination jabs.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Katanungan po mula sa ating kasamahan sa media, tanong ni Athena Imperial ng GMA News: Bakit daw po pinahinto ang pag-aaral sa epekto ng Ivermectin sa COVID-19 patients?

**DR. TED HERBOSA:** Hindi pinahinto, ano. Nakita na kasi doon sa isang pinakamalawak na study na no effect doon sa kini-claim nila.

So, ang alam ko na ang datos diyan ay nagsu-show that there is no evidence of benefit. Walang benepisyo ang pag-inom ng Ivermectin dito sa sakit na COVID-19.

So, tinigil na, hindi na kailangang aralin dahil malawak na iyong pruweba na no difference iyong umiinom at hindi umiinom ng Ivermectin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ted, kaugnay naman dito sa monkeypox disease na pinangangambahan, matapos na maitala po iyong kaso nito sa ilang mga bansa.

Ano daw po ba itong monkeypox at saan/paano po ito nakukuha?

**DR. TED HERBOSA:** Magkamag-anak itong monkeypox at chickenpox – bulutong-tubig 'no. Ganoon din ang hitsura niya pero itong monkeypox ay na-detect noong 1958 pa po sa Africa. Kaya ito naging balita ay sapagkat noong isang araw ay parang they identified 85 cases of monkeypox sa iba't ibang bansa na niri-report ito. So, US mayroon at sa iba't ibang bansa.

Ang DOH ay napilitang maglabas, dahil sa balitang iyan, ng information na ang monkeypox ay wala pa sa Pilipinas at wala pa rin sa mga karatig na bansa natin dito sa Southeast Asia at neighboring countries.

So, ang monkeypox ay parehung-pareho ng hitsura ng bulutong-tubig. Kapag nakita ninyo iyong mga litrato ay mayroon parang vesicle na lumalabas. After fever, cough, colds ay mayroong vesicle na lumalabas sa balat at iyon ang nakakahawa, iyong fluid doon sa vesicle na iyon at iyong droplet siyempre, iyong laway or whatever ng isang taong infected ang puwedeng makahawa.

Ang maganda dito, Usec. Rocky, iyong ating mga measures for COVID-19 are the same. Iyong physical distancing, iyong pagsusuot ng face mask, pag-isolate ng taong infected. At ang maganda pa, ito ay mayroong vesicle, so maa-identify mo kaagad iyong taong dapat i-isolate. And habang basa siya, hindi pa dry ay infectious iyon.

So, ang isa pang maganda na sinasabi ng mga eksperto na iyong smallpox vaccine, kamag-anak nito iyong smallpox, same family siya, ay maaaring magawang bakuna at pupuwedeng epektibo dito sa monkeypox.

So, doon sa mga bansa na naka-store, naka-freeze iyong virus ng smallpox ay they can actually manufacture the necessary vaccine. So, although wala tayo commercially, kung iyan ay kumalat ay puwedeng gumawa ng bakuna.

Ang pangalawa, dahil ang hawahan nito ay dahil doon sa vesicle or doon sa droplets niya ay hindi siya as nakakahawa as COVID-19 na airborne. 'Di ba airborne iyong COVID?

Importante din iyong mga biyahe papunta sa mga lugar like Africa at doon sa mga huma-handle ng hayop, kasi parang sa rodents, mga daga, squirrel at saka iyong sub-species lang ng unggoy [nanggagaling].

So, iyong mga taong nakikihalubilo doon ang mas malaki ang chance na mahawa at of course, iyong mga taong na-expose sa infected na. So, puwede ring mahawa.

So, kung gagawin natin iyong minimum public health standards, hindi dapat tayo mahawa diyan sa mga cases ng monkeypox.

At sana ay hindi makapasok sa Pilipinas para hindi madagdagan ang ating problema sa pre-emerging infectious disease kasi dati na iyan, hindi iyan bagong sakit.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyan nga po ang nabanggit ninyo, Doc Ted, nabanggit ninyo 1958 pa nadiskubre itong monkeypox. Ibig sabihin, mayroon naman na po tayong na-discover na bakuna para dito?

Doc Ted, tama po ba ito?

**DR. TED HERBOSA:** Oo. Ang alam ng mga eksperto na tumatalab iyong smallpox vaccine. The same smallpox and cowpox vaccines. So, puwedeng i-manufacture ito in commercial. Kasi dahil wala ng smallpox, hindi na tayo gumagawa ng bakuna nito pero naka-store sa ating mga level four biomedical lab sa iba't ibang first-world countries iyong smallpox virus para in case na mag-reemerge siya ay puwede tayong gumawa ng vaccine against them. Ina-attenuate o wini-weaken or pinapatay iyong virus tapos iyon iyong gagawing bakuna.

So, puwede tayong makagawa ng bakuna against monkeypox, baka mas mabilis pa kaysa doon sa ginawa natin sa COVID-19 kasi halos one year tayong naghintay doon sa COVID-19 vaccine dahil dini-develop pa lang.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ted, ito po bang monkeypox ay masasabi natin na kapag tinamaan ka ay magiging severe, magiging life threatening, Doc Ted?

**DR. TED HERBOSA:** Dalawa ang alam nating variety or [unclear] tinatawag 'no. Mayroon iyong Central African at saka iyong West African. Iyong isa, mild lang, parang ordinary bulutong-tubig. Iyong isa, iyon ang puwedeng magkaroon ng complication at more deadly. And let's hope na iyon ay nag-stay lang sa Africa at hindi na umabot dito sa ibang bansa.

So, huwag tayong masyadong matakot dito. I think iyang information ng WHO siyempre ay naaalarma sila na biglang dumami ang mga countries na nagri-report ng monkeypox. 85 cases sa buong mundo in the past days.

And ang explanation nila ay dahil sa muling pagbukas ng travel. Baka iyong mga na-expose sa Africa ay pumunta sa ibang bansa, sa Europa kaya nagkaroon tayo ng reported cases. And hopefully hindi naman siya maging pandemic. Doon lang sa region nila.

**USEC. IGNACIO:** Opo, iyan nga po. Bagamat wala pa nga pong nadi-detect dito sa bansa, so paano daw po naghahanda ang pamahalan para dito?

Ganito rin po iyong tanong ni MJ Blancaflor ng Daily Tribune: Do we see the need to close our borders for the meantime while monitoring developments on the said disease?

**DR. TED HERBOSA:** Hindi po. Alam naman natin na hindi naman siya ganoon [katindi] sa COVID-19 na nakakahawa at hindi siya bago na sakit 'no. Alam na natin kung paano gamutin, paano ang hawaan nito. Hindi siya mystery illness kagaya noong nag-umpisa ang COVID-19 na napilitan tayong magsara ng borders.

At nakita ninyo naman ang pagsara ng borders, malaki ang epekto sa turismo, ekonomiya at saka supply chain ng ating mga goods and services.

So, hindi sapat or hindi tama na dapat mag-close down dahil parang sinabi mo lang na may outbreak ng bulutong-tubig sa ibang parte ng mundo ay magbabantay rin tayo, magahahanda tayo ng preparedness [measures].

Pareho rin naman iyong minimum public health measures, iyong PDITR – Prevent, Detect, Isolate, Treatment [and Reintegration].

So, hindi kami magri-recommend. Ako as adviser, will not recommend closing our borders just because may reported 85 cases ng monkeypox.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ted, sinasabi nga po na hindi naman po dapat ikabahala, pero ano daw po iyong age group na prone dito sa monkeypox?

At ang tanong din po ni MJ Blancaflor ng Daily Tribune: Should we be concerned about the possible spread of monkeypox in the country while we are still grappling from the coronavirus disease?

**DR. TED HERBOSA:** Siguro para sa kaalaman ng lahat 'no, marami tayong mga infectious diseases na—may chickenpox pa rin tayo, may measles pa rin tayo, may HIV, may TB at multiple drug-resistant TB. So, marami pa rin tayong infectious disease na nandidito at hindi tayo dapat matakot dahil bigla na lang may report ang WHO sa ibang bansa. Importante,

alam natin ito. At iyong measures ay pareho ‘no, iyong public health measures, iyong pagsuot ng mask na ginagawa pa natin ngayon at iyong physical distancing.

Basta ang importante ay aware tayo about sanitation and cleanliness, hygiene, mas less ang chance na makakuha ng infectious disease. At iyong paghawak ng mga hayop kasi nga ito ay zoonotic diseases or nanggagaling sa mga hayop kagaya ng mga daga, ng monkeys, ng squirrel. So iyon ang mga sources na alam natin, kaya nga mas marami sa Africa kasi mas marami ang hayop doon. So, kung ikaw ay nakatira naman at wala ka namang pets na ganoong hayop, wala kang dapat ikatakot sa monkeypox.

**USEC. IGNACIO:** So wala pong edad na … partikular na edad na puwedeng maaaring tamaan ng monkeypox, Doc Ted?

**DR. TED HERBOSA:** Ang naka-report ay iyong mga bata, ano. Pero mayroon ding adults na nagkakaroon ng monkeypox, ito nga iyong mga nagbibiyahe ‘no. Sila ay nagta-travel, baka nagpunta sa safari, na-expose sa some animals at iyon ang carrier. So mas likely ang mahahawa rito ay tao na nagta-travel.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Doc Ted, kunin ko na lamang ang inyong mensahe para sa ating mga kababayan.

**DR. TED HERBOSA:** Salamat, Usec. Rocky. At paalala lang sa lahat ‘no, ako ay kukunin ko na iyong aking second booster shot as healthcare worker and senior citizen sa Lunes, naka-schedule na. At I hope iyong ating mga kababayan na matagal nang humihingi sa amin, sa National Task Force, na ibigay na iyong second booster shot. Puwede na po ‘no, tutal ayaw naman magpabakuna nung iba pa.

Doon sa hindi pa gustong magpabakuna, naku po, they are very effective at mayroon tayong mga bagong subvariant na ating pini-prevent. Mas mabuti po na magpabakuna na kung hindi pa nagpapabakuna lalo na iyong first dose, second dose at saka iyong booster. Baka iyong iba diyan ay hindi pa nagpa-booster, madami-dami pa kayo, magpa-booster na kayo.

At iyong gustung-gusto na magpa-second booster at kung kayo ay qualified, puwede na po tayong pumunta sa vaccination centers.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ted, ano pong bakuna ang ituturok sa inyo? Alam ko naging heterologous kayo, Doc Ted.

**DR. TED HERBOSA:** Oo, kung anong available. I guess it will either be Pfizer or Moderna. Kung ano iyong available sa storage ng PGH. Sa PGH kasi ako binibigyan ng bakuna so doon din ako magpapabakuna.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong pagsama sa amin at pagbibigay-impormasyon, Dr. Ted Herbosa, ang medical adviser ng National Task Force against COVID-19.

**DR. TED HERBOSA:** Maraming salamat, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, paalala po lalo na sa mga motorista: Doble ingat po tayo sa kalsada ngayong dumadalas na po iyong malalakas na ulan. Alamin natin ano nga ba ang paghahanda ng MMDA para sa mga kalsada sa Metro Manila at partikular na sa mga lugar na madalas bahain. Kaugnay niyan ay makakasama po natin si MMDA General Manager Frisco San Juan, Jr. Magandang umaga po, GM.

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Magandang umaga po, Usec., at sa atin pong mga tagapakinig.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM, opisyal na pong pumasok ang panahon ng tag-ulan. So paano po ito pinaghahandaan ng MMDA? Ano raw po iyong programang inilatag para matiyak ang kaligtasan po ng mga lansangan ng National Capital Region?

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** As usual po, iyong paglilinis ng ating mga drainage canal, at saka iyon pong pagsasaayos ng mga kinakailangang [garbled] sa pumping stations. Tuloy po ang lahat ng mga gawaing ito. In fact, kasama na rin po ang pag-ikot ng ating mga engineer upang makita kung mayroon bang kailangang bigyan pa ng pansin para po hindi na umabot sa sitwasyon na pagbabaha nang matagal dito po sa ating mga lansangan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM, aling mga lugar po iyong tututukan ng MMDA na flood-prone areas? At nakikita ninyo po kasi lagi pong problema, palagian na po ang sinasabi ay iyong basura.

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Totoo po iyon kasi laging nagiging dahilan [garbled] laging [garbled] nahuhukay ng mga kanal ay patuloy pa rin ang paghuhukay na isinasagawa at hindi po huli ito. Kahit na po ito ay tag-araw, kahit na tag-ulan, tuluy-tuloy po ang paglilinis ng ating mga drainage canal.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero para sa mga motorista, hingi lang po kami ng update dito po sa mga daan, kalsadang posibleng isasara o bubuksan sa mga susunod na araw bilang bahagi po ng inyong clean-up drive ng MMDA, GM?

**MMDA GM SAN JUAN, JR: MMDA GM SAN JUAN, JR:** [Garbled]

**USEC. IGNACIO:** Opo, GM? Opo. Dito naman po sa usapin ng trapiko, inaasahan pong babalik sa pre-pandemic level itong trapik sa Metro Manila. So, ano po iyong mga naging basehan dito ng MMDA? At kapag po sinabi nating pre-pandemic, ano raw po iyong actual na dami ng mga sasakyan na inaasahan natin?

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Iyon pong pagdami ng mga sasakyan, expected na po natin iyan dahil tuluy-tuloy naman po ang pagbili ng mga bagong sasakyan ng ating mga kababayan. Ang [garbled] at mayroon na tayong mga bagong tulay na nabuksan para makapagbigay po ng kaluwagan, kaunting kaluwagan sa ating main thoroughfares at sa EDSA po. Iyon ang magandang pangyayari. At kung sa bilang ng mga sasakyan ang pag-uusapan, dito po sa EDSA, halos nasa pre-pandemic level na rin po tayo [at] mabagal ang daloy sa bagong daanan o mga bagong tulay dahil din sa pagdami ng mga sasakyan na mga bagong binili ng ating mga kababayan po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM, hingi na rin po kami ng update kung may pinal na raw pong desisyon para sa ipatutupad na coding scheme sa Metro Manila?

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Wala pa pong pinal na desisyon tungkol diyan. Siguro po hinihintay ang mga bagong mga nahalal na punong-lungsod, kung mayroon po silang fresh ideas. Sa ngayon po naghihintay pa po tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM, may habol lang po na tanong si Athena Imperial ng GMA News: Ano raw po ang update sa proposal na gawing 7 A.M. ang pasok ng government employees?

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Iyon po ay pinag-aaralan din po ng ating mga punong-lungsod. At maaaring sa mga susunod na araw ay matalakay na rin po ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero sa tantiya ninyo, GM, pagdating sa … ito namang sa motor vehicle accident, mas bumaba ba o tumaas po ba ito sa mga nakalipas na buwan? At paano rin po ito pinaghahandaan ng MMDA ngayong rainy season kung saan prone po sa aksidente dahil po madulas nga iyong kalsada?

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Siyempre po ang solutions po diyan ay ang pagiging mas visible ng ating mga enforcers at maging active po sila sa panghuhuli ng mga lalo na iyong mga nagpapatakbo ng sasakyan nang mas higit sa itinatakdang speed limit po. At iyan po ang number one namin, iyon pong ating mga paalala sa pamamagitan ng Facebook sa pagpapakita ng mga maaaring posibleng mangyaring aksidente kung hindi po sila sumusunod sa mga patakaran.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM, kumustahin ko na rin po iyong update naman dito sa Oplan Baklas sa Metro Manila. So far, nasa ilang porsiyento na po iyong naiikot ng MMDA?

**MMDA GM SNA JUAN, JR:** Natapos na po ang Oplan Baklas at ini-stop ko na. Iyong mga [garbled] sa mga side street at [garbled] road ay tinitingnan po natin at [garbled] at kung kinaikailangang simulan na rin po sa mga lugar na iyon ay iyon naman po ang isasagawa ng ating MMDA.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM, ano na lamang iyong paalala mo sa mga motorista at sa ating mga kababayan lalo ngayon po na tuwing hapon ay talagang umuulan na po? Go ahead po.

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Sa atin pong mga kababayan na gumagamit ng ating mga kalsada at saka tulay, pakiusap ko lang po na huwag po nating payagan na tayo mismo ang maging dahilan ng pagsisikip ng trapiko. Nakikiusap po kami na dagdagan ang ating pag-iingat para makaiwas sa aksidente. At huwag po nating pasikipin ang kalsada sa pamamagitan ng pagharang ng ating mga sasakyan o ng ating mga motorsiklo sa ilalim ng mga flyover dahil ito po ay malaking perwisyo ang dinidulot sa ating mga … gumagamit ng ating mga kalsada at sana po ay makiisa tayo. Let us be respectful of one another's business, and sa kanila pong mga kailangang isagawa o sa kanilang pagbiyahe.

**USEC. IGNACIO:** Opo. GM, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin at pagbibigay-impormasyon. Maraming salamat po, GM Frisco San Juan Jr., ng MMDA.

**MMDA GM SAN JUAN, JR:** Maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Mga kababayan, huwag po muna kayong aalis, magbabalik pa po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL BREAK]

**USEC. IGNACIO:** Nakatutok pa rin po kayo dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Abiso po sa mga motorista na babagtas po sa NLEX at CAVITEX, aprubado na ng Toll Regulatory Board ang dagdag-singil sa toll fees sa mga nabanggit na expressways.

Para alamin ang iba pang detalye kaugnay niyan, makakasama po natin si Sir Julius Corpuz, ang tagapagsalita po ng TRB, magandang umaga po.

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Ma'am, isang magandang umaga po sa inyo, at sa lahat ng ating tagapakinig, nanonood dito sa inyong programa dito sa PTV-4, isang magandang umaga po, Ma'am.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Julius, nasa magkano daw po at kailan po inaasahang epektibo daw itong dagdag-singil sa toll fees sa CAVITEX po?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Ma'am, opo, tama po kayo. Magpapatupad po tayo ng panibagong toll fee diyan sa CAVITEX at iyan po ay magsisimula bukas, May 22.

Iyan po, in fact, dapat po sana ay naipatupad nila iyan noong May 12. Subalit sa pakikipag-ugnayan po ng ating tanggapan sa pamumuno ng aming Kalihim na si Secretary Tugade ay dinefer (defer) po muna iyan upang mabigyan ng pagkakataon ang ating mga public utility vehicles na mag-avail ng tinatawag na abatement or discount and rebate dahil binigyan po natin ng napakalaking konsiderasyon itong mga PUVs na huwag naman masyadong maapektuhan dito sa pagtaas ng toll fee sa CAVITEX simula bukas.

Kaya nga po nakapag-enroll na halos lahat, kung hindi ako nagkakamali, itong ating mga jeepneys, UV Express, mga buses. At kung dadaan po sila diyan kahit na may panibagong toll fee na for a period of three months po, Ma'am, sila ay bibigyan ng diskuwento at ang babayaran lamang nila ay iyong lumang toll fee na sinisingil sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Nitong buwan lang po din ipinatupad iyong dagdag na toll sa NLEX. Nasa magkano po iyong itinaas ng rate sa NLEX, Sir Julius?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Ito pong toll fee doon sa NLEX, sa parte ng NLEX, iyan po ay pinatupad noon pang May 12. Ito po ang mga panibagong toll fees po diyan na ipinatupad doon sa open system from P60.00 to P62.00 sa Class 1. Sa close system naman, from north of Marilao, from P212.00 toP237.00. May bahagyang pagtaas po ng P27.00 end-to-end na iyan, from Balintawak up to Mabalacat, in Sta. Ines.

**USEC. IGNACIO:** Sir Julius, pero ano daw po iyong naging basehan ng Toll Regulatory Board dito daw po sa pag-apruba sa dagdag na toll para po sa mga nabanggit na expressways?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Okay. Maraming salamat po, Usec. Rocky. Dalawa po ang talagang basehan niyan: Unang-una, ito po ay pag-apruba ng kanilang 2016 petition pa, Usec. Rocky. Ang atin po kasing mga investors or toll concessionaires ay may karapatan silang humiling ng pagtaas ng toll fee every year; sa [parte ng] NLEX, every two years.

So, naghain po sila ng petisyon noong 2016 subalit hindi po natin binigyan kaagad ng approval dahil dumaan po iyan muna sa isang masusing pag-aaral at pagri-review ng ating tanggapan.

At lahat po ng mga improvements pong ginawa nila na tinatamasa na nang matagal ng ating mga motorista [unclear], it took them some time.

Ito iyong, kung maalala po ninyo kung dumadaan kayo, iyong sa Subic portion from Tipo to Subic ay nagkaroon po ng additional two lanes at may tunnel, dalawang bagong bridges at iyan po ay pinalawak nila. [Unclear] February pa lang binuksan na sa motorista iyan nang hindi ho sila nakahingi ng dagdag singil pa. Kamakailan lang natin sila pinayagan.

Iyan po ang mga basehan ng ating mga toll fee adjustments dito sa NLEX, Usec. Rocky.

At iyan naman po, kung makikita ninyo ay 2016 pa na dapat ay pinatupad noong 2017, eh 2022 na ho ngayon. So, hindi ho nangangahulugan na automatic iyong kanilang increase. Dumadaan po iyan sa tamang proseso at masusing pag-aaral po ang ginagawa ng ating tanggapan bago man lang sila bigyan ng approval ng ating pamunuan upang makapag-umento ng toll fee adjustment.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Sir Julius, kasi po hinaing po ng ilan, dagdag pasakit daw po sa mga motorista itong toll hike dahil patuloy din po iyong pagtaas sa presyo ng produktong petrolyo. Pati po iyong mga nagninegosyo ay apektado dahil maliit na nga lang daw po ang kita, mababawasan pa dahil sa toll hike. Ano po ang masasabi ninyo dito, Sir Julius?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Naiintindihan po natin iyang mga sentimiyento ng mga motorista lalo na't totoo po iyan, medyo mataas at unstable po ang presyo ng ating fuel, rise on prices. Subalit kailangan ho kasi nating balansehin din naman ang interes ng ating motorista at ang interes din naman po ng ating mga investors. Kagaya ng binanggit ko po sa inyo, sila naman po ay patuloy pa rin naman ang kanilang pagganap sa kanilang mga obligasyon and [unclear] nga itong giving to the motorist the best service that they can have, safe, comfortable and fast travel sa ating mga expressways.

Kailangan din naman po silang makalikom din naman ng pananalapi upang mabayaran iyong kanilang mga pagkakautang at maipagpatuloy iyong mga iba't ibang mga expansion and

improvement projects na nagdudulot din naman po ng malaking tulong sa kabuuan ng ating ekonomiya.

Ang ginawa nga po natin, tayo po ay nakipag-ugnayan dito sa ating mga investors, kagaya dito sa NLEX at iyong nabanggit ko sa CAVITEX, nang huwag naman maapektuhan masyado lalo na iyong mga dapat bigyan ng konsiderasyon itong mga utility vehicles. Sa NLEX po ay mayroon po tayong rebate program din diyan or discount ang mga dati pong jeepneys, iyong mga jeepneys na bumabaybay sa open system nila ay same fee pa rin po ang sisingilin, hindi po iyong panibagong toll fees. At iyong may [unclear] card sa close system nila, parehong singil pa rin po 'no, mayroon din silang rebate program doon.

Iyong provincial buses naman po, ma'am, Usec. Rocky, ay binigyan po sila ng discount program. Sa unang buwan ay hindi sila sisingilin ng panibagong toll fee; sa pangalawang buwan, 75% ang discount on the new toll fee; at sa pangatlong buwan, they will be given a 50% discount on the new toll fee na dinagdag. So, inaalala po ng ating tanggapan ang mga mas nangangailangang motoristang bigyan ng tulong kahit paano dito sa pag-umento ng mga toll fees.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Julius, bakit daw po nalipat ng May 22 ang implementasyon ng bagong toll fee sa CAVITEX R-1 segment? At ano rin daw po itong tinatawag na toll reprieve program?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Yes, gaya po ng nabanggit ko kanina, Usec. Rocky, kinailangan po kasing i-enroll muna natin iyong mga nais nating bigyan ng tulong at konsiderasyon, ito iyong public utility vehicles dito sa parte ng CAVITEX. Nangailangan ng ilang araw upang mai-enroll silang lahat nang sa ganoon iyong diskuwento ay matanggap naman nila bago tayo magpaumento ng toll fee diyan sa CAVITEX.

Kaya noong ma-enroll na po itong mga PUVs, like iyong jeepney, UV Express at mga buses, ay nabigyan na rin ho sila ng pagkakataon at sisimulan na nga iyon bukas na ipatupad na ang panibagong toll fee.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito raw po bang cards ay applicable sa iba't ibang tollways or exclusive lang daw po ba ito sa CAVITEX?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Iyon pong discount ang binabanggit po ninyo?

**USEC. IGNACIO:** Opo.

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Sa CAVITEX po, iyon po 'no ang program na iyon ay sa kanila lamang iyon. Iyon doon sa NLEX din naman, sa program din lang po ng NLEX iyon. Siguro for the motorists to recall, wala naman pong pagtaas sa ibang expressways natin.

**USEC. IGNACIO:** Sir Julius, so far, gaano na po daw karami itong nakakapag-register sa toll reprieve program? May bayad din po ba iyong registration daw nito, Sir Julius?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Wala po, Usec. Rocky. Wala po. Libre po iyan. Iyong iba nga po ay tsinitsek na lang. Kasi sa RFID po ang gagamiting ano diyan kaya't karaniwan po ay bibigyan sila ng panibagong RFID kung kailangan at wala pong bayad iyon. Importante makapag-enroll man lang sila dito sa CAVITEX nang sa ganoon ay ma-avail po nila iyong discount na binibigay ng CAVITEX sa kanila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Julius, since bukas na nga raw po iyong implementation nito, puwede pa rin bang humabol na magparehistro ngayong araw?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Opo, kahit na ongoing po ang ating … sabihin na natin, nagsimula na ang paniningil po nila ng bagong toll fee, puwede pa ho silang pumunta sa service center ng CAVITEX upang mag-enroll pa rin itong mga PUVs natin kung hindi pa sila naka-enroll.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bukod daw po dito sa NLEX at CAVITEX, mayroon din po bang ibang tollways na nagri-request na rin ng toll hike na pinag-aaralan ng TRB, Sir Julius?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Yes, may mga petisyon po tayong pinuproseso at pinag-aaralan pa, at dumadaan po sa matinding pagsusuri ng ating pamunuan. Subalit sa ngayon ho ay hindi ko ho puwedeng maibigay muna sa inyo ang impormasyong iyan sapagkat I can only be authorized once the decision is made by our board on this regard.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero kung may dagdag singil, mayroon din po kayang inaasahang bawas presyo sa toll sa ilang expressways ang ating mga motorista?

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Usec. Rocky, hindi naman ho ano, siguro hindi lang maalala ng ating motorista but there are times naman po na nakakapagbawas tayo ng toll fee. Naalala ko, sa NLEX nga ho, iyong mga nakaraang taon, dalawang beses tayong nakapagpababa ng toll fee diyan.

Dito po sa parte ng CALAX, iyon pong last year ay nakapagbawas ho tayo nang konti sa CALAX ng toll fee. At mayroon ho pala akong babanggitin sa inyo na ang paggamit ng CALAX itong weekend ng Mayo, three days a week, from May 12, 13, 14, 19, 20, 21, 26, 27 and 28, libre po iyan. Wala pong babayaran ang ating mga motorista. Kaya kung kayo po ay nagnanais na makapasyal o makauwi diyan sa parte at gagamitin ang CALAX natin, from Greenfield to Sta. Rosa, Tagaytay, libre po iyan; wala po silang babayaran.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Julius, kunin ko na lamang ang inyong mensahe dito sa ating mga motorista. Go ahead po.

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Oho, maraming salamat po, Usec. Rocky, sa pagkakataon na maipaliwanag sa ating motorista itong mga impormasyon hinggil sa pag-umento ng toll fee sa ating mga expressways. Kami naman po sa aming tanggapan, bago po iyan binibigyan ng approval ng aming tanggapan, dumadaan po iyan sa tamang proseso. Kung minsan iyong prosesong iyan ay nagtatagal po gaya nitong nakita ninyo, eh halos ilang taon bago mabigyan ng approval.

Pangalawa, binibigyan po ng malaking konsiderasyon ng ating pamunuan ang mga motoristang higit na nangangailangang mabigyan ng tulong kung nagkakaroon ng ganitong umento. Iyon pong ating pamunuan ay kailangan naman bigyan ng balanse between--- we have to give a very good balance between the motorist and also the investor. Hindi naman po puwedeng hayaan na lang natin ding malugi ang ating mga investors, kung hindi ay wala na hong tutulong sa atin upang lalong dumami pa at gumanda pa ang ating mga expressways na kailangan din naman para sa isang ligtas, mabilis at komportableng pagbibiyahe ng ating motorista.

At ang atin pong mga expressways, kung malalaman ninyo po, ang effect niyan sa ating ekonomiya ay napakalaki po, na malaking tulong po iyan sa pagbangon natin galing sa pandemya.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Sir Julius, kami po ay nagpapasalamat sa inyong impormasyon at pagbibigay-oras. Julius Corpuz, ang tagapagsalita ng Toll Regulatory Board, salamat po.

**TRB SPOKESPERSON CORPUZ:** Maraming salamat po, Usec. Rocky, at sa lahat po ng ating kasamahan sa PTV-4, isang magandang umaga po sa inyong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Salamat po.

Senator Christopher Bong Go, nagpaabot ng suporta sa mga atletang Pilipino na nagsusumikap makahakot ng parangal para sa bansa sa ginanap na Southeast Asian Games. Panoorin po natin ito:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Sa loob ng anim na taon ay naging saksi ang mga mamamayan sa mga pagbabagong ginagawa ng pamahalaan para po sa ikauunlad ng bansa. Kaya naman na ngayong malapit na ang pagtatapos ng termino ni Pangulong Rodrigo Duterte, mensahe ng pasasalamat ang hatid ng ating mga kababayan. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw.

Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

Muli, ako po si Usec. Rocky Ignacio. Magkita-kita po tayong muli sa Lunes, dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##